Pangalan: Yusoph Dumarpa Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Mga Sahabah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 21, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِل فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga alipin ng Allah, mga magulang at kapatid sa pananampalatayang Islam. Lubos ang ating pasasalamat sa Allah sapagkat tayo ay napabilang sa mga Muslim, na kung saan ang Paraiso ay inilaan sa kanila ng Allah. Napakalaki ng biyaya na ipagkakaloob sa atin ng Allah. Binigyan tayo ng Allah ng 'Iman' at nakapag 'Amal' tayo nang mabuti, at tayo ay nakakapagsamba sa Allah, na kung saan ang ating 'Iman' ay nagtutulak sa atin sa paggawa ng mga mabubuting gawain.

Mga kapatid sa Islam, nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay sumainyong lahat. Ngayong araw na ito ay nais kong talayakin ang kwento ng ilan sa mga Sahabah (radhiyallahu 'anhum), ang mga kaibigan at kasamahan ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) kung paano nila sinunod ang mga utos ng Allah at kung paano sila pinagpala nang dahil sa kanilang pagsunod. Ang Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِندَ اللَّهِ أَتْقَاكُمْ ۚ إِنَّ اللَّهَ عَلِيمٌ خَبِيرٌ ﴾ سورة الحجرات: 13
"Tunay na ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay ang pinakamabuti sa pagiging matatakutin sa Kanya. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Nakakaalam, Lubos na Nakababatid." (Surah Hujurat: 13)

Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi:

خَيْرُ النَّاسِ قَرْنِي ثُمَّ الَّذِينَ يَلُونَهُم ثُمَّ الَّذِينَ يَلُونَهُم. (أخرجه البخاري ومسلم)

"Ang pinakamabuti sa mga tao ay ang aking henerasyon, pagkatapos ay ang mga sumunod sa kanila, pagkatapos ay ang mga sumunod sa kanila." (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Isa sa mga pinakamahahalagang Sahabi ay si Abu Bakr (radhiyallahu 'anhu). Siya ang pinakamalapit na kaibigan at tagasunod ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam). Noong ipinahayag ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ang kanyang pagkapropeta, si Abu Bakr (radhiyallahu 'anhu) ay agad na naniwala, tinanggap ang kanyang mensahe at sumuporta sa kanya. Ibinigay niya ang lahat ng kanyang kayamanan upang suportahan ang misyon ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) gayundin naman ang mga Muslim na nangangailangan. Nang dahil sa kanyang tapat na pagsunod at pagmamahal sa Allah at sa Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam), siya ay tinawag na "As-siddiq" na nangangahulugang "ang pinakamatapat".

Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi:

وَلَوْ كُنْتُ مُتَّخِذًا مِنْ أُمَّتِي خَلِيلاً لاَتَّخَذْتُ أَبَا بَكْرٍ وَلَكِنْ أَخِي وَصَاحِبِي. (أخرجه البخاري)

"Kung ako ay kukuha ng isang Khalil (malapit na kaibigan) mula sa aking Ummah, tiyak na ang kukunin ko ay si Abu Bakr, ngunit siya ay aking kapatid at aking kasamahan (sa Islam)." (Inulat ni Al-Bukhari)

Si Umar Ibn Al-Khattab (radhiyallahu 'anhu) ay isa ring kilalang Sahabi. Noong una ay matigas ang kanyang puso at mapagpalalo na matinding tumututol sa Islam. Ngunit isang araw, habang siya ay patungo sa Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) upang siya ay saktan, binago ng Allah ang kanyang puso at siya ay naging kabilang sa mga mananampalataya. Mula noon, siya ay naging isa sa pinakamatatag na tagapagtanggol ng Islam. Siya ay naglingkod bilang pangalawang "Khalifa" o pinuno ng mga Muslim pagkatapos pumanaw ng Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam). Siya ay naging tanyag sa kanyang katarungan, katapangan, at pagsunod sa Allah. Nang dahil sa mga katangiang ito, siya ay binansagang "Al-Farooq" na nangangahulugang "ang naghihiwalay sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan".

Si Bilal Ibn Rabah (radhiyallahu 'anhu) ay isang Abyssinian na alipin na sumasampalataya sa Islam. Noong una, siya ay pinahirapan at itinuring na masama nang dahil sa kanyang paniniwala. Ngunit siya ay patuloy na

sumuporta sa Islam at hindi nagtagumpay ang mga tukso, pahirap at pananakot sa kanya upang iwan ang kanyang pananampalataya. Siya ay kilala sa kanyang matibay na pananampalataya at pagtitiis sa mga pagsubok. Siya ay itinuring na isa sa mga unang martir ng Islam.

Ang Allah ay nagsabi sa Qur-an:

﴿ وَمَن يُطِعِ اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَأُولَٰئِكَ مَعَ الَّذِينَ أَنْعَمَ اللَّهُ عَلَيْهِم مِّنَ النَّبِيِّينَ وَالصِّدِّيقِينَ وَالشُّهَدَاءِ وَالصَّالِحِينَ ۚ وَحَسُنَ أُولَٰئِكَ رَفِيقًا ﴾ سورة النساء: 69

“At ang sinumang sumunod sa Allah at sa Sugo (Muhammad sallallahu ‘alayhi wa sallam), sila ay kasama ng mga taong pinagpala ng Allah ng Kanyang biyaya, ng mga Propeta, ng mga Siddiqun (ang mga tagasunod ng mga Propeta na una at una sa lahat na sumasampalataya sa kanila, tulad ni Abu Bakr As-Siddiq), ng mga martir, at ng mga matutuwid. At gaano kaganda ang mga kasama na ito!” (Surah An-Nisa: 69)

Mga alipin ng Allah, ilan lamang sila sa mga Sahabah ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na huwaran sa atin sa pagsunod sa Allah at sa Kanyang Sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Sila ay pinili ng Allah upang makasama ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) at Kanyang kinalugdan hanggang sa kabilang-buhay. Kaya nararapat lamang sa atin na tuklasin, saliksikin, at pag-aralan ang kanilang buhay upang tayo matuto ng mga mabubuting aral sa pagsasabuhay ng Islam.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ng Allah, ang mga kwento hinggil sa buhay ng mga Sahabah (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagpapaalala sa atin na ang pagsunod sa Allah ay hindi madali ngunit ang gantimpala nito ay higit pa sa lahat ng bagay na maaari nating makamit sa Mundong ito. Ang mga Sahabah ay nagpakita sa atin na ang pagsunod sa Allah ay maaaring magdulot ng mga pagsubok at mga kahirapan, ngunit ang Allah ay palaging nakamasid at nagbibigay ng gantimpala sa mga taong tapat at masunurin sa Kanya. Nawa’y maging inspirasyon sa atin ang kanilang mga halimbawa at tularan natin sila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Kaya sila nagtagumpay dito sa mundo sapagkat ang lahat ng ipinagkaloob sa kanila ng Allah ay kanilang ginugugol sa landas ng Allah. Ang lahat ng ibinigay sa kanila ng Allah ay inilaan nila sa kabutihan, kaya ibinigay din sa kanila ng Allah ang Paraiso na kanilang pinapangarap. Ito ang tunay at walang hanggang tagumpay na kung saan naroroon ang lahat ng kaligayahan.

عِبَادَ اللهِ، إنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***